

1

“Will you marry me?”

Hindi makapaniwalang napatitig lamang si Cecile sa singsing na nasa loob ng kahita na hawak ng kanyang nobyo. Kung kanina ay pilit na pilit siya na pasiglahin ang sarili dahil sa nararamdamang pagod sa pag-aasikaso ng debut na kanilang in-organize, ngayon naman ay bigla siyang naging gising na gising.

She blinked several times. Her mind suddenly went blank. She heard her boyfriend called her name softly, and when she looked at him, he was smiling sweetly—that smile that made her fall in love with him.

“A-are you serious?” she asked.

His smile turned into laughter. “Honey, you don’t believe I’m proposing a marriage, do you?”

She blushed.

Mula sa kinauupuan ay tumayo ang nobyo at lumuhod sa harapan niya. Nakalahad pa rin ang kamay nitong may tangang kahita na naglalaman ng isang makinang na singsing.

“Cecile Ocampo, are you willing to be my wife? Will you marry me?” buong pagsuyong tanong nito.

She was speechless. Sa kauna-unahang pagkakataon ay nakaramdam siya ng kalituhan sa piling ng nobyo.

“Honey, say something, please,” anito. Saka lamang siya tila nagising sa kabiglaan. Nakaluhod pa rin si Jeff sa harap niya, ngunit wala na ang ngiti sa labi nito.

“I... I don't know what to say.”

He held her hand. “Just say yes.”

Pakiramdam niya ay napasos siya sa hawak at titig nito. When she felt she could no longer bear it, she finally said, “Y-yes...”

A smile tore into her boyfriend's lips. She could see the spark in his eyes. Hindi niya maipaliwanag ang naramdaman nang isuot ni Jeff ang singsing sa daliri niya at halikan iyon. She really felt something different, something she had not felt before.

All throughout the evening, she did nothing but stare at the ring on her finger.

Hindi pa rin makapaniwala si Cecile. She was already engaged to Jeff, her fiancé. Pakiramdam niya napakabilis ng pangyayari. Kanina lang ay pagod na pagod siya sa pag-aasikaso ng kliyente nilang nag-debut. Wala sa hinagap niya na pag-uwi niya ay may suot na siyang engagement ring.

Hindi ang pagpo-propose ng nobyo ang ikinagulat niya. The truth was, she had been waiting for his proposal since she caught the bridal bouquet for the very first time in a wedding they organized late last year. Anim na taon na ang *Precious Moments* ngunit iyon pa lang ang kauna-unahang pagkakataon na nakasalo siya ng bouquet sa kasal na inasikaso nila. At nasalo niya iyon nang hindi sinasadya. Kahit papaano, naniniwala siya na ang nakakasalo ng bridal bouquet ang susunod na magpapakasal. Ganoon din kasi ang nangyari sa business partner niyang si Andrea, at sa iba pa nilang brides kapag nagkukuwento ang mga ito.

Isa pang dahilan kung bakit hinihintay niya ring alukin siya ng kasal ni Jeff ay ang pangungulit sa kanya ng mga magulang na mag-asawa na. Siya na lamang kasi ang single sa kanila ng kapatid niya. Bukod pa roon ay lagi siyang tinatakot ni Andrea na mahihirapan na siyang manganak kapag lagpas treinta na siya. At thirty years old na siya simula

noong isang buwan.

Kung tutuusin, wala na siyang hahanapin pa kay Jeff. Dalawang taon na silang magnobyong. Nakilala niya ito sa isang kasal na sila rin ang nag-organize. She was captivated by his smile and was not able to turn her face against him. Huling-huli nito ang pagkakatitig niya rito. Pagkalipas ng dalawang linggo, bigla na lamang itong sumulpot sa opisina nila nang may dalang bulaklak. And the rest was history.

But she could not understand herself. Why instead of feeling lucky and happy, she felt something strange? The engagement was not fully welcomed by her heart and mind. For some reason, she was having doubts about marrying Jeff and it was something she could not explain. Bakit parang pakiramdam niya mali ang ginawa niyang pagtanggap sa alok na kasal nito?

She buried her head under her pillow. Marahilay wedding jitters lamang iyon. There was no other man for her than her fiancé.

“Wow! How beautiful!” Andrea exclaimed upon seeing and examining Cecile’s engagement ring. Bakas ang katuwaan sa mga mata nito. “So totoo na

talaga 'to?"

Ikinibit niya ang mga balikat at mahinang bumuntong-hininga. She then forced a smile.

“Wait a second, bakit para yatang hindi ka masaya? And don't try to deny it dahil halatang-halata,” kunot-noong sabi ng kaibigan matapos suriin ang kanyang reaksiyon.

Hindi na siya nagtangkang itago ang nararamdaman. “Ewan ko ba, Mare. Naguguluhan nga ako, eh. Parang there's something wrong with me. I mean, of course I'm happy that Jeff already made his proposal. Pero parang hindi pa rin ako secured. Naguguluhan talaga ako. Ni hindi ko man lang maramdaman 'yung sobrang tuwa, alam mo 'yun, Mare. Bakit kaya gan'on?"

Her friend and business partner patted her shoulder. “Nothing to worry about, Mare. It's normal. You should know that because we're in the wedding business. Ganyan din ako noon before Edgar and I got married, although mas na-feel ko ang ganyan noong malapit na ang kasal. When he proposed, I really felt happy. Wala ka naman sigurong ibang dahilan para hindi matuwa sa pagyaya sa 'yo ng kasal ni Jeff?"

She shook her head. “Iyon nga ang ipinagtataka

ko sa sarili ko.”

“Well, baka may personal issues ka lang na kailangang i-settle. Hindi n’yo pa naman siguro napapag-usapan ang details ng kasal, so you still have time to settle whatever it is that’s been bothering you.”

Napangiti siya. “You’re right.”

“Basta sa *Precious Moments* na nakakontrata ang kasal mo, ah.”

“Siyempre naman ’no! At hinding-hindi ako tutulong!”

“Dapat lang! ’Cause it’s your day.”

“Kumusta ang bakasyon?” bati sa kanya ni Andrea matapos silang mag-beso. Kararating niya lamang sa office noon.

“Okay lang,” sagot niya matapos mailapag ang bag sa kanyang mesa. Naupo siya sa kanyang swivel chair.

Nilapitan siya ng kaibigan at umupo ito sa gilid ng kanyang mesa.

“Baka naman puwedeng habaan mo ’yung

comment mo,” ungot nito.

“Well, nag-lunch lang kami. Then, namasyal at nag-shopping ’tapos dinner. ’Yun.”

“Okay, I’m not asking about how you spent the day off. I’m talking about the wedding plans.”

Napatitig siya rito. “Iyon ba? Well, Jeff’s folks were asking about our wedding plans nga, but we haven’t planned anything yet. Gusto nga nilang mamanhikan na kagabi dahil lilipad na nga sila pabalik sa New Zealand kanina.”

“So namanhikan sila kagabi?”

“Hindi. Hindi pa ako nakakapagsabi sa parents ko.”

“You mean, hindi pa alam ng parents mo na engaged ka na?”

Umiling siya. “Ang gusto ko, sasabihin ko sa kanila ng personal. But I’m too busy to go home. Besides, Jeff and I haven’t even talked about the details of the wedding yet. Ni hindi pa nga namin napag-uusapan kung kelan kami magpapakasal.”

“Ay, gan’on? Parang hindi naman kayo excited.”

“He’s also busy with work. Mapo-promote na

kasi 'yun. But we agreed to talk about it soon. Kung hindi lang talaga dumating ang parents niya from New Zealand, hindi dapat kami magkikita kahapon.”

“Fine.” Tumayo buhat sa pagkakaupo sa mesa niya ang kaibigan at lumipat sa mesa nito na katabi lamang ng sa kanya. “May bago nga pala tayong client. Pero hindi ko pa na-brief kasi nagmamadali.”

Iniiikot niya ang swivel chair at lumingon dito. “Wedding or debut?”

“Wedding. Package B. And gosh! Ang guwapo ng groom-to-be!” kinikilig na saad nito.

“Loka! May asawa ka na, ha!” natatawang saway niya rito.

Andrea made face. “Sa talaga namang guwapo 'yung groom, eh. Recently ay hindi masyadong kaguwapuhan ang mga groom natin. Mabuti naman at dumating ang isang 'to.”

Napatawa siya. “Sira ka talaga!”

“I'm not kidding. Baka kapag nginitian ka ng lalaking 'to, makalimutan mo pansamantala si Jeff mo. Ikaw pa naman, nadadaan ka sa ngiti,” tudyo nito.

Iiling-iling na tinalikuran niya ito. “Ewan ko sa

'yo, Andrea!"

“We can start now. Male-late lang konti ang fiancé ko. May emergency meeting lang sila. But he’ll be here soon,” nakangiting sabi ng bago nilang kliyente. Nasa *Max’s* restaurant sila noon sa Buendia para sa contract signing and full briefing ng wedding coordination package na nais i-avail ng bagong kliyente.

Andrea prepared her paraphernalia and then started the briefing. “Okay, Ms. Herlandez, our Wedding Package B includes unlimited consultation upon contract signing; four meetings, this one not included; wedding day coordination; a staff of six, which consists of five coordinators and one attendant on the wedding day itself and the RSVP services.”

Nanatiling nakikinig lamang siya at ang bride-to-be habang nagsasalita ang kaibigan. Toka ni Andrea ang briefing and contract signing, ngunit kailangang silang dalawa ang makaharap ng kliyente para sa pirmahan ng kontrata.

Nagpatuloy ito. “We will provide you with a wedding planner kit and an outline and schedule of wedding ceremony and reception. We will also

provide the reception program. We will contact the liturgical entourage for briefing and other reminders, and we will also contact the wedding suppliers, and coordinate with the emcee for the reception program...”

Habang hinihintay na matapos ang litanya ng kaibigan ay napatingin siya sa bride-to-be na noon ay engrossed na engrossed sa pakikinig kay Andrea. Sa tingin niya ay hindi naman sila nagkakalayo ng edad. Maganda ito. She also noticed the woman’s diamond-studded engagement ring. Napahanga siya roon. Maganda rin naman ang ibinigay sa kanya ni Jeff, pero dahil sa kakaibang nararamdaman niya, hindi niya masyadong ma-appreciate ang sariling singsing. She suddenly felt guilty.

Pilit na inalis niya iyon sa isipan at muling itinuon sa kliyente ang isip. Ngayon pa lang ay nasasabik na siyang makita ang groom-to-be nito. Actually, lagi naman talaga silang excited ni Andrea para sa kanilang mga kliyente. Sa anim na taon ng *Precious Moments*, hindi na mabilang ang heartwarming moments nila sa tuwing may dalawang nagmamahalan silang natulungang pagandahin ang pinakamasayang araw sa buhay ng mga ito.

Ang lahat ng sinasabi ni Andrea—na kabisado

nilang dalawa at kayang i-recite kahit tulog—ay kasama sa wedding brochure na pinamimigay nila sa mga prospective clients. Nakasulat din iyon sa kontratang kanilang pinipirmahan.

Hindi niya namalayan na tapos na pala ang kaibigan sa briefing nito.

“What about the pre-wedding pictorial? Puwede ba siyang isama? Na-overlook ko kasi ang bagay na iyon,” tanong ng bride-to-be.

“Well, it’s not included in the package, but we can always make an arrangement. We’ll give you a checklist, then, you tell us which of them you want to include in your package. Then on our next meeting, we can provide you with the complete budgeted and itemized plan,” sagot ng kaibigan, Pagkatapos ay dumukot ito mula sa envelope na tangan.

Sumabat na rin siya. “The good thing about our wedding packages is that we always have what we call ‘side services’. Kasi not everyone gets the Package A, which is the full package and consists of everything. This is where the couple will just have to sit and wait for their wedding day.” Napatingin siya sa papel na iniabot ni Andrea sa babae na agad naman nitong tiningnan. “So, the wedding checklist will help you with whatever you’re missing with your

prior preparation.”

Tumangu-tango ang babae matapos ay nag-angat ng mukha at pinaglipat sa kanilang dalawa ang paningin. “If I weren’t just that excited to prepare the wedding myself, and had I learned about your company earlier, I would’ve availed your full wedding package.”

Sabay silang napangiti ni Andrea.

“Gaano katagal na ba kayo ng fiancé mo?” tanong ni Andrea. The formal mood had already subsided.

“Two years na kami ni Ryan. I’m so happy that we’re finally going to tie the knot,” bakas ang katuwaang tugon nito.

Biglang nabura ang ngiti ni Cecile. Naulinigan niyang nagsalita si Andrea ngunit hindi niya iyon naunawaan. Parang may biglang bumara sa daloy ng dugo sa ugat niya.

Ryan. That name made her heart skip a beat. Hindi siya makapaniwala na hanggang ngayon ay may dating pa rin sa kanya ang pangalang iyon.

Naramdaman niya ang marahang tapik ni Andrea sa kanyang hita. Kapwa nakangiti ang dalawang babae at sa kanya nakatingin.

“Christine is asking if you’re married.”

She glanced at her engagement ring, then smiled at their client. “Soon.”

Noon biglang tumunog ang cellphone ng babae. Agad na sinagot nito iyon.

“Hi, Baby! Dito kami sa *Max’s* near LRT... okay, see you. I love you...”

“Hi! Sorry, I’m late,” anang tinig ng lalaki.

Biglang nagrigodon ang dibdib ni Cecile. Hindi kaagad siya nakagalaw. Pamilyar sa kanya ang tinig na iyon.

“It’s okay, Mr. Camua. Your fiancée just went to the rest room. We’ve finished talking about everything. Siya na lang ang bahalang magsabi sa ‘yo,” narinig niyang sagot ng katabi niyang si Andrea.

“Okay,” tipid na tugon nito.

No way! Lalong lumakas ang tahip ng dibdib niya. Mula sa pagkakayuko dahil sa pagte-text, dahan-dahan siyang napaangat ng mukha.

“By the way, I’d like you to meet my business partner. She wasn’t there when you went to the office

last time.”

Daig niya pa ang natuklaw ng ahas nang tuluyang makapag-angat ng mukha.

Nagkasalubong sila ng paningin ng lalaki.

“Cecile?”

“R-Ryan...”

Hindi niya alam kung sino sa kanila ang mas nabigla. Basta naramdaman niya na lang na pinanlamigan siya ng katawan.

2

Eleven years ago...

Napatili si Cecile nang biglang may bumuhat sa kanya. Naglalakad siya noon patungo sa kotse ni Ryan na nakahimpil sa di-kalayuan. Hindi niya na kailangang sinuhin ang pangahas. Alam niyang walang iba iyon kundi ang kanyang nobyo. Isinakay siya nito sa kotse nito.

“Grabe ka!” aniya sabay hampas sa braso nito nang makapasok na rin ito ng kotse.

Hinuli nito ang kamay niya at mabilis na siniil siya ng halik sa labi na siyang nagpatahimik sa kanya.

“Saan tayo?” malagkit ang tinging tanong nito.

Noon biglang bumuhos ang malakas ang ulan.

Napalingon siya sa salamin ng kotse sa harapan. “Shucks, panira naman itong ulan na ’to o!” dismayadong aniya. Nang lingunin niya ang nobyo ay nanatiling nakatitig ito sa kanya. Pakiramdam niya pati kaluluwa niya ay naaaninag nito sa pagkakatingin nitong iyon sa kanya.

“Why are you staring at me like that, Mr. Ryan

Camua III?” taas-kilay na tanong niya, pilit itinatago ang magkahalong kaba at pananabik. May kung ano sa tingin nito na sapat upang makapagpaigtad sa kanya.

Hindi ito nagsalita, nanatiling nakatingin lamang sa kanya.

Pakiramdam niya, hindi na niya kayang tagalan ang titig nito. “Ryan, ha, nako-conscious na ’ko...” Napapiksi siya. Sukat doon ay natawa ang binata. Mabilis na ninakawan siya nito ng halik kapagkuwan. “Nakakailan ka na!” kunwa ay reklamo niya.

“Bakit, ayaw mo ba?” tudyong nito.

Napalabi siya. “Gusto.”

Muling gumulong ang tawa sa lalamunan nito. Muli siya nitong kinabig at hinalikan. But this time, the kiss lasted longer—long enough for them to wheeze.

When they finally caught their breaths, Ryan whispered to her ear—an act that made her breathe for some more air. “Sa apartment na lang tayo.”

“Pero akala ko manonood tayo ng sine,” she said in a tone of approval.

“Ang dami namang VCDs sa apartment. D’un na

lang tayo manood.”

Ganoon nga ang nangyari. Mula sa Vito Cruz ay sa Estrada sila humantong, kung saan naroon ang studio-type apartment ng binata. Bago sila tumungo sa roon ay namili muna sila sa convenience store na nasa ibaba lamang ng building niyon.

“Chelle, ano’ng gusto mong panoorin?” tanong ng nobyo nang nasa loob na sila ng apartment nito. Nakaupo ito sa harapan ng TV kung saan mayroong sandamakmak na CDs at VCDs. Siya naman ay naghahanda ng kakainin nila mula sa mga pinamili nila.

“Mamaya na ’yan. ‘Lika muna rito,” malambing na tawag nito nang hindi siya sumagot. Tila nahipnotismong napalapit siya rito. Hinapit siya nito sa baywang at kinandong nang mapatapat siya rito.

“I love you, Chelle,” paanas na bulong nito habang nakatitig sa kanya. Hindi siya nakatugon. She could not stand his melting eyes. When he crossed the small distance between their lips, her concept of future was erased. Ryan was her today and tomorrow. It was all that mattered.

She could no longer recall how they got into his bed, which was just a few steps away from the

sofa where they were seated earlier. How they both became naked did not really matter to her. What was important was the security that she felt in his arms, the love he bestowed in every kiss and every touch, and the paradise she entered with him.

If she could only freeze the time, she would like to remain like that—her body next to his—forever.

“Are you sure gusto akong ma-meet ng parents mo?” kinakabahan niyang tanong kay Ryan. Nasa harap na sila ng bahay ng mga ito sa Tarlac.

Marahang pinisil ni Ryan ang pisngi niya at mabilis na kinantalan siya ng halik sa kabilang pisngi. “Chelle, hindi ko na mabilang kung ilang beses mo nang tinanong sa 'kin 'yan. Relax ka lang, okay?”

Napatingin siya sa nobyo bago huminga nang malalim. “Kinakabahan talaga ako.” Hindi na niya naitago ang nerbiyos.

Natatawang niyakap siya ng nobyo nang mahigpit. Pagkatapos ay hinagod siya nito sa likod. Matagal silang nanatili sa ganoong tagpo bago siya nito pinakawalan. “Okay ka na? Di ka na kinakabahan?” nakangiting tanong nito.

Napangiti na rin siya. Totoong nakatulong ang yakap nito upang mapawi ang kaba niya.

Mula sa pagkakangiti ay natawa ang binata. Inis na hinampas niya ito sa braso.

“Bakit ka tumatawa?”

“Paano naman kasi, Chelle, para kang nakakita ng multo sa pamumutla mo. Hindi naman haunted house ang papasukin natin.”

“Eh, sa nati-tense ako, eh, bakit ba?”

Hinalbot nito ang kamay niya at hinalikan iyon. Tuluyan nang nawala ang pagkabahala niya; napalitan ng kapanatagan.

“Bubusina na ’ko ha. Okay ka na talaga? Don’t worry hindi naman nangangagat ang mga tao sa bahay namin.”

Pabirong inismiran niya lang ito. Noon ito bumusina. Hindi nagtagal ay may nagbukas na ng gate. Ipinasok ni Ryan ang kotse sa maluwang na bakuran.

Muntik na siyang malula nang mabungaran ang malaking bahay ng nobyo pagkababa niya ng kotse. Sa sobrang kaba niya kanina ay ni hindi niya nasilip ang bahay nito mula sa bintana ng kotse.

Naramdaman niya ang pag-akbay sa kanya ng nobyo.

“Tara!”

Kung nalula siya sa labas, mas namangha siya sa loob ng bahay ng mga ito. Pakiramdam niya ay mansion iyon. Bigla tuloy siyang nakaramdam ng panliliit. Alam niyang may-kaya si Ryan, pero hindi nito sinabi sa kanya na *ubod* ito ng yaman. Kanina, napansin niyang may ilan pang kotse na nasa garahe ng mga ito. May mga unipormadong kawaksi rin. Gayunpaman ay pinigilan niya ang sariling magpakita ng kanyang pagkamangha. Lalo na nang ipakilala siya ng nobyo sa pamilya nito.

“I’d like you to meet my fiancée, Cecile Ocampo,” anang binata habang kampakanteng nakasampay sa kaliwang balikat niya ang braso nito. Bahagya pa siya nitong hinapit palapit nang bigkasin nito ang pangalan niya.

Hindi niya alam noong mga oras na iyon kung ano ang unang mararamdaman: ang kaligayahan sa pagpapakilala nito sa kanya bilang fiancée nito o ang kaba sa nakita niyang magkahalong reaksyon ng pamilya nito. Halata sa mukha ng mga ito na hindi nagustuhan ng mga ito ang sinabi ni Ryan, bagaman nanatiling pigil ang emosyon ng mga ito.

Ipinakilala sa kanya ng nobyo ang ina at ate nito. Kapwa pormal ang mga ito. Bigla siyang nakaramdam ng pagkailang. Pakiramdam niya ay kaunting pagkakamali lang at pupulutin siya sa kalsada.

“Kailan ba uuwi si Daddy?” tanong ni Ryan na nasa tabi niya. Hindi niya matukoy kung sino ang pinatutungkulan ng binata dahil nanatili siyang nakayuko. Nasa harap na sila ng hapag-kainan noon at kumakain.

“Next week,” sagot ng ate nito.

“Next week pa pala. Sana binanggit n’yo man lang n’ung tumawag ako para next week na ’ko umuwi.” Binalingan siya ng nobyo. “Kain ka lang, Chelle, ha.”

Tipid na nginitian niya ito. Ni hindi niya nga halos magalaw ang sandamakmak na pagkaing nilagay nito sa plato niya. Paano naman kasi, pakiramdam niya ay sinusundan ng tingin ng ate at mommy nito ang bawat galaw niya.

“Minsan ka nanga lang umuwi rito, nanghihinayang ka pa sa pagpunta mo. Ano ba’ng pinagkakaabalahan mo?” untag ng ate nito na si Esmeralda. Nasulyapan niya ang ina nito na tahimik lamang na kumakain.

“Para ka namang hindi nag-college sa Manila, Ate.

Alam mo naman kung ano ang pinagkakaabalahan ng mga estudyante roon.”

“N’ung college ako, pag-aaral lang ang pinagkakaabalahan ko. At linggo-linggo akong umuuwi rito. Eh, ikaw? Dalawang semestre ka nang hindi umuuwi. Hindi ka naman dating ganyan,” may halong patutsadang sabi ng babae. Bigla tuloy siyang napabaling dito. Hindi siya nagkamali ng sapantaha—sa kanya ito nakatingin.

“Ate, please. You don’t sound like you missed me, do you?” tila yamot na tugon ng binata.

Narinig niyang tumikhim ang ina nito. Nagulat siya nang tawagin siya nito. “Hija...”

Muntik na siyang mapalundag. “Po?” nakangiting baling niya rito.

“Magkaklase ba kayo ni Ryan?”

“Ah, hindi po. Magkaiba po kami ng course.” “Ano ba’ng course mo, Hija?”

“Communication Arts po,” kampante niyang tugon. Biglang nawala ang agam-agam niya dahil sa maayos na pagtatanong ng ginang. Tila silang dalawa lamang ang magkasalo noon at nag-uusap.

“Ano pala ang business ng parents mo?”

“Ma...” saway ng nobyo sa ina.

“Ryan, kinikilala ko lang itong fiancée mo ’ika mo. Ano’ng masama sa pagtatanong ko?” Muli siyang binalingan nito. “Hija, ano nga uli’ng business ng parents mo?”

Saglit siyang natigilan bago sumagot, “Uhm, wala pong business ang parents ko, eh. ’Yung mama ko po, professor sa *NEUST*. ’Yung papa ko naman po, nasa Saudi.”

Hindi kaagad kumibo ang ginang. Nakaramdam siya ng tensyon sa sandaling katahimikang iyon.

Mayamaya ay muli itong nagsalita. “Ilan kayong magkakapatid?”

Mabilis siyang nagbilang. “Uhm...bale seven po.”

“Seven? Such a big family huh?” Cecile bit her lip and tried to smile. “Your mother must be good in home economics. Imagine, taking care of seven kids while at the same time working? Paano nagawa iyon ng parents mo kung wala kayong business?”

“Ma, sino nagluto nito? Matabang,” reklamo ng kanyang nobyo, ngunit alam niyang gusto lamang nitong iliko ang usapan.

Hindi naman ito pinansin ng ginang.

“I hope you don’t mind, Hija, ano. Gusto lang naman kita makilala since girlfriend ka ng anak ko. I’m just curious as to how your parents were able to send you to *La Salle*. You said you—”

“Ma!”

“Ryan, I didn’t teach you to butt in while I’m talking,” sita nito sa anak, tila nagtitimpi.

Nakita niyang inis na binitawan ng nobyo ang kubyertos nito.

Naalarma siya. Napahawak siya sa braso nito. “It’s okay, Ryan.” Bumaling siya sa ina nito. “Ma’am, I’m studying in *La Salle* under full scholarship. My parents were separated since I was a baby. I have three siblings at each parent’s side. We may not have a business but we’re living normally and happily. My parents are in good terms even if they already have their own families. I hope I’ve answered all your questions, Ma’am.”

Cecile was sure she saw disgust on both the old woman and her daughter’s faces. Nang bumaling siya sa nobyo, hindi niya mabasa ang nilalaman ng isip nito.

“Ryan, wait!”

Pareho silang napahinto sa paglalakad. Palabas na sila noon ng bahay. Matapos ang eksena sa dining table ay agad na nagyayang umuwi ang binata. He was surely in a bad mood.

Sabay silang napalingon ng binata sa tumawag. Ang ate nito iyon. “Mommy wants to talk to you. You can’t leave just like that.”

“Babalik na lang kami kapag nandito na si Daddy,” sagot ng nobyo sabay talikod sa ate nito.

“Ryan!” They stopped again. This time it was his mother calling him.

“Ma!” iritadong baling dito ng binata.

“I need to talk to you. I’m sure...” nilingon siya ng ina nito, “What’s your name again?”

“C-Cecile po.”

“I’m sure Cecile won’t mind. Hindi ba, Hija?”

Alanganing napa-“Opo” siya.

Apparently left with no choice, her boyfriend brushed his hair with his hand out of frustration. Then he took his car key out of his pocket and gave it to her. He kissed her forehead. “I’ll be back shortly.

Just stay here.”

Napatingin siya sa susi na nasa kanyang palad. When she looked up, she saw all three of them walking toward the house.

Lumakad siya palapit sa kotse ni Ryan at lumulan doon.

Halos limang minuto pa lang siyang nasa loob ng kotse ngunit pakiramdam niya, ang tagal-tagal na niya roon. Imbis na inis ay inip ang naramdaman niya.

Walang dudang ayaw sa kanya ng ina at ate ng nobyo. Ni hindi niya naisip na may pagkamatapobre pala ang pamilya nito. Malayung-malayo ang mga ito kay Ryan. Simple, mabait at walang hangin sa katawan ang huli. Kaya naman mahal na mahal niya ito. Wala siyang hindi kayang ibigay para rito.

Alam niyang mas masama ang loob nito kaysa sa kanya dahil sa nangyari. Masama rin ang loob niya ngunit mas kinakabahan siya sa nakikitang galit ni Ryan sa pamilya nito. Ayaw niya sanang maging sanhi ng alitan sa pamilya nito.

She sighed in frustration. Kung ngayon ngang

magnobyong pa lamang sila ni Ryan ay may problema na, paano pa kaya kung mag-asawa na sila? Parang hindi niya kayang isipin na hindi ang lalaki ang mapapangasawa niya. Ito lamang ang gusto niyang makasama habambuhay.

Dala ng pagkainip, lumabas siya ng kotse at sumandal sa pintuan niyon. Muli niyang pinagmasdan ang bahay ng binata. Mistulang modern ancestral house iyon. May malawak na palayan sa tapat niyon, ngunit bukod doon ay wala na siyang makitang ibang bahay na malapit doon. May natatanaw siyang mga kubo ngunit nasa malayo ang mga iyon. Hindi na siya magtataka kung malalaman niya na pagmamay-ari rin ng pamilya ng binata ang lupaing nakikita niya.

Noon niya napansin ang isang pasilyo malapit sa pinaparadahan ng kotse ng binata. Parang may kung anong hangin ang humila sa kanya upang tuntunin iyon. Ilang saglit pa ay nasa kanang bahagi na siya ng malawak na bakuran. Humanga siya sa mga naggagandahang bulaklak na halatang alagang-alaga. She was about to pick one flower from the flowerbed when she heard a voice.

“At papaano si Apple? Paaasahin mo lamang siya?”

Bigla siyang kinabahan. Hindi siya maaaring

magkamali. Boses iyon ng ina ni Ryan.

“Ma, ilang beses ko bang sasabihin sa inyo na wala na kami ni Apple? Si Cecile ang mahal ko. Siya ang gusto kong pakasalan!” narinig niyang sagot ng kanyang nobyo. Pigil ang galit sa boses nito.

Noon lang niya napagtanto na sa bintana sa malapit nanggagaling ang mga boses. Mabuti na lamang at may kurtina iyon. Gumilid siya upang hindi siya makita ng mga ito.

“My God, Ryan! That Cecile girl doesn’t even look like she’s from *La Salle*! She looks like a gold-digger. I’m sure nagustuhan ka lang niyan dahil sa pera mo,” boses ng ate nito.

She held her breath, then she realized that her muscles were starting to numb. Those were the most hateful words she had ever heard in her life!

Nakarinig siya ng malakas na pagkabasag ng isang bagay.

“Ryan!”

“Kung alam ko lang na ganito ang mangyayari, hindi na sana ako umuwi!”

“Ryan, bumalik ka rito!”

She hurried to the corridor that she passed through earlier and went inside Ryan's car. Halos magkasunod lang sila ng binata.

Kitang-kita niya ang galit sa mukha ng lalaki. Ni hindi siya nito kinibo. Mabilis na pinaharurot nito ang kotse. Napatili siya nang muntik pang mahagip ng sasakyan ang unipormadong katulong na nagbukas ng gate para sa kanila.

Wala silang imikan ng binata habang nagmamaneho ito. Sinamantala niya naman ang pagkakataong iyon para kalamayin rin ang sarili. Masasakit ang mga salitang narinig niya patungkol sa kanya. Kung hindi lang siguro sa nakikita niyang galit kay Ryan, kanina pa siya naiyak. Wala pang nagsalita ng ganoon kapangit na mga salita sa kanya.

Hindi nagtagal ay nasa may kabayanan na sila. Hindi niya kabisado ang lugar doon ngunit kaninang papunta pa lamang sila sa bahay ng nobyo ay itinuro nito iyon sa kanya. Inihinto ng binata ang kotse sa isang hindi mataong lugar.

Bumaling ito sa kanya at hinawakan ang kamay niya.

“I'm sorry, Chelle. I didn't expect it to be like that,” puno ng sinseridad na saad nito.

Pinilit niyang ngumiti, kahit na parang mas gusto niyang umiyak. Hindi siya nagtagumpay na itago ang pait na nararamdaman.

Marahan siyang kinabig ng nobyo palapit at niyakap. Sa balikat nito tuluyang nalaglag ang luhang kanina niya pa tinitimpi.

“Ayaw nila sa ’kin...”

“Sssh! Hindi naman sila ang pakikisamahan mo. Don’t mind them. Ipapakilala kita sa daddy ko. He’s different. He’s kind. I’m sure he’ll like you.”

“Natatakot ako, Ryan...”

Ryan cupped her face with his two hands and held her eyes with his. “Hangga’t nandito ako, wala kang dapat ikatakot.”

He bent down to kiss her. It did not remove all the pain, but it somehow calmed her.

“Chelle, let’s get married,” anito nang maghiwalay ang mga labi nila. Gulat na napatitig siya sa binata. “Yung tatay ng brod ko judge. Puwede niya tayong ikasal ngayon din.”

Bigla siyang nalito. Parang gusto niya ngunit alam niyang hindi pa tama. “Ryan... alam mong ikaw lang ang gusto kong pakasalan. Pero... puwede

naman tayong maghintay pagkatapos ng graduation, hindi ba? Let's not act on impulse," puno ng pagsusumamong saad niya. Alam niyang wala siyang kontrol sa sitwasyon. Kapag pinilit siya ng binata, talagang mapipilitan siyang magpakasal dito. Ito ang may hawak ng puso niya.

"I don't want to lose you, Chelle," tila nahihirapang pahayag nito.

Hinaplos niya ang magkabilang pisngi nito. "I don't want to lose you, too. Pero maghintay lang tayo. Konting panahon na lang naman."

Kakatwa ngunit pakiramdam niya ang nobyo pa ang kailangan niyang aluin nang mga panahong iyon.

They kissed again. Ngayon, natangay na ng halik na iyon ang lahat ng takot sa dibdib niya.

Cecile was taken aback by a car that recklessly stopped in front of her. Kung napasobra siguro siya ng hakbang, malamang nabundol na siya. Kalalabas niya lamang noon sa gate ng university.

Bumukas ang bintana ng kotse at sumungaw ang ulo ng driver. Kahit naka-shades iyon, nakilala niya iyon na siyang ate ni Ryan.

“Can we talk?” untag nito.

She did not know how to react at first. Nakarinig sila ng busina. Lumingon ang babae sa pinanggalingan ng busina bago muling bumaling sa kanya. “C’mon, let’s have coffee.”

Hindi na siya nakapag-isip pa. Dinala siya ng mga paa pasakay sa kotse nito. Nagmamadali sana siya upang puntahan sa apartment nito si Ryan dahil alam niyang may lagnat ito. Pero mabuti na rin sigurong makausap niya ang kapatid ng nobyo. Maaaring iyon na ang pagkakataon upang maipamukha niya rito na hindi siya gold-digger kagaya ng inaakala nito at ng nanay nito.

Sa isang coffee shop sa di-kalayuan sila humantong.

“Ano ho ba’ng sasabihin n’yo?” pigil ang iritasyon sa boses na tanong niya nang makaupo sila.

Imbis na sumagot ay naglabas ito ng sigarilyo at lighter mula sa bag at nagsindi ng isang stick. Humithit muna ito at bumuga bago siya tinitigan sa mata.

“Dederechahin na kita. Hindi ka namin gusto ng mommy ko para kay Ryan,” mataray ngunit sibilisadong anito.

Alam ko, sa loob-loob ni Cecile. Tukso namang umalingawngaw sa tainga niya ang narinig niyang sinabi nito kay Ryan: My God, Ryan! That Cecile girl doesn't even look like she's from La Salle! She looks like a gold-digger. I'm sure nagustuhan ka lang niyan dahil sa pera mo.

She tried to control her emotions. Napahugot na lamang siya ng hininga.

“Pero hindi ako kasing-sama ng iniisip mo. Actually, I'm here to help you.” Napakunot-noo siya sa narinig. Muli itong bumuga ng usok bago nagpatuloy, “Ryan has long been engaged to Apple, his real fiancée. Naka-set na ang kasal nila pagka-graduate ng kapatid ko. Apple is our family friend. Bata pa lang sila, magkasintahan na sila ni Ryan. However, she went to the States kaya siguro... kaya naghanap si Ryan ng iba.”

Natigagal siya. Mabagal ang dating ng mensahe nito sa pandinig niya. Paunti-unti niya iyong in-absorb.

“You should know that Ryan is head over heels in love with Apple.” Tumawa ito nang mapakla. “Alam kong hindi ka naniniwala. Siguro iniisip mo na gawagawa ko lang ang mga sinabi ko para paghiwalayin kayo. It's up to you what to believe. Ang sa akin lang,

ayoko namang magmukha kang tanga. Babae rin ako. Alam ko kung ano'ng pinagdadaan mo. Ngayong bumalik na si Apple, siguradong ididispatsa ka na ni Ryan. Kilala ko ang kapatid ko. Si Apple lang ang babaeng mahal n'un."

Heaven knows how hard she tried to remain composed in front of her boyfriend's bitchy sister. Ngunit hindi niya na kayang matagalan pang kasama ito at pakinggan ang mga kasinungalingan nito.

"Kung wala na ho kayong sasabihin, maiwan ko na kayo. Wala ho akong panahong makinig sa mga kasinungalingan n'yo," taas-noong sabi niya sabay tayo.

Tumawa ito ng nakakaloko. "Ako pa ngayon ang sinungaling? Go ahead, fool yourself. Bakit hindi mo puntahan si Ryan? Magkasama sila ni Apple ngayon. In fact, sabay naming sinundo si Apple sa airport kanina. Sinadya talaga kita para warning-an—"

Hindi niya na hinintay pa ang ibang nais sabihin nito. Inis na iniwan niya ito. Habang binabagtas ang kalye patungo sa sakayan papunta sa apartment ni Ryan, nagpupuyos si Cecile sa galit. Mabuti na lamang at napigilan niya ang sarili. Pero kating-kati siyang balikan ang ate ng binata at sabunutan ito. Hindi niya lubos maisip kung paanong naging magkapatid

ang mga ito.

Wala ni isang batik na pagdududa sa isip niya para kay Ryan. Ayaw niya sanang mag-away ito at ang kapatid, pero hindi niya mapapalampas ang kasinungalingan nito.

Mabilis ang mga hakbang na inakyat niya ang hagdanan patungo sa apartment unit ng binata. Punung-puno ng pag-aalala ang kanyang dibdib. Kung hindi sana siya sumama sa demonyang ate nito, kanina pa sana siya naroon sa bahay nito. May lagnat pa naman ang nobyo. Isang napakalaking pagkakamali talaga ang ginawa niyang pagsama sa babaeng na iyon.

Dinukot niya sa bulsa ang duplicate key na ibinigay sa kanya ng nobyo nang mapatapat siya sa pintuan ng unit nito. Ngunit bago pa man niya maisuot ang susi sa seradura ay napihit niya iyon. It was unlocked.

She tucked the key back inside her jeans' pocket. She readied a smile before opening the door. Ngunit nabura ang ngiti sa kanyang labi sa tagpong nabungaran: si Ryan, nasa kama nito at may nakadagan ditong babae. Kapwa nakahubad ang mga ito, magkayakap at payapang natutulog. Sa sahig ay nagkalat ang mga nahubad na damit ng mga

A Timeless Love - Isabel Margarita

ito. Mayroon ding dalawang maleta siyang nakita sa paanan ng kama nito. They did not even bother to cover themselves with a blanket!

Nabitawan niya ang tangang supot na may lamang congee, ang paborito nilang kainin ni Ryan kapag maulan. Nagkalat ang laman niyon sa sahog. Kasabay ng pag-agos ng sabaw niyon ay ang pamamalisbis ng luha niya sa magkabilang pisngi.

Humahagulhol na tumakbo siya paalis ng lugar na iyon. Her heart was torn, almost literally, into pieces.

3

“Is there something wrong?” tanong sa kanya ni Andrea nang mapagsolo na sila. Umalis na ang magnobyong kliyente nila. Pagdating ng lalaki ay nagpirmahan lang sila ng kontrata at nagyaya na ang babaeng umalis.

“Ha? W-wala,” tanggi niya. She took a sip of her iced tea.

“Fool yourself, Cecile, but not me. Ano mo ba ’yung papable na ’yun? Bakit ganyan na lang ang reaction mo?”

Mariing ipinikit niya ang mga mata. The memories of Ryan were still fresh in her mind. It had been eleven years, all right, but up until now she could still recall the details of their past.

“Spill it out, Mare. I smell something super-duper fishy.”

She opened her eyes. Then she began telling her friend the reason why she became suddenly disturbed.

“Susunduin ka ba ni Jeff?” bulong sa kanya ni Andrea nang lapitan siya nito. Kanina pa tapos ang seremonyas ng kasal ng isa nilang kliyente. Ginaganap na noon ang reception.

“Nope. Kaya sasabay ako sa inyo ni Edgar,” baling niya rito na ang tinutukoy ay ang asawa ng kanyang kaibigan.

“Parang napapansin ko bihira ka na yatang sunduin ngayon ng iyong fiancé. Ano na ba’ng nangyayari?”

“He’s just busy. He’s going to be promoted next month kaya he’s spending too much time with his work.”

“Hindi kaya pareho kayo?”

“Na busy? Oo naman.”

“No. I mean, malay mo may jitters rin ang fiancé mo. Parang ikaw.”

“I don’t know what to say.”

“Forget it!” Andrea waved her hand as if shooping something away. “Considering your bonggang engagement ring.”

Sukat niyon ay tiningnan niya ang daliring may

suot na singsing. Ni wala siyang maramdamang excitement habang suot iyon.

“Well, it seems like everyone’s already settled. Papakainin ko na ang staff,” Andrea said after surveying the crowd.

“Sige, sunod na lang ako.” “Okay.”

Nang iwan siya nito ay muli siyang napasulyap sa kanyang singsing. She could not understand the guilt she was feeling inside of her. Pakiramdam niya hindi siya karapat-dapat magsuot niyon. She remembered what Andrea told her. She might have some issues to settle first. Baka sakaling kapag naresolba na ang mga iyon saka siya mae-excite sa sariling kasal.

She embraced herself as the gentle wind caressed her skin. Nagpasya siyang sundan na si Andrea. Nakaramdam na rin siya ng gutom.

However, when she turned toward the direction of the pantry, she bumped offhandedly into a lean body.

“Oh, I’m sorry!” she exclaimed instantly.

Wala siyang natanggap na tugon. Nang tumingala siya, nakita niya ang huling taong gusto niyang makita nang oras na iyon.

“Ryan?”

“Kumusta ka na, Chelle?”

Tila iyon bombang sumabog sa tainga niya. *Chelle*. Matagal nang walang tumatawag sa kanya sa ganoong pangalan. Eleven years to be exact. Isang tao lang tumatawag sa kanya sa pangalang iyon. At iyon ay walang iba kundi ang taong nasa kanyang harapan ngayon.

Sinubukan niyang ngumiti, but she could feel her expression becoming distorted. *Goodness! Hanggang ngayon ba?*

“I... I’m doing good, Mr. Camua. Glad you remembered me.” Parang nahihirapang huminga si Cecile. “If you will excuse me, I need to go to the pantry. See you at the meeting.”

Agad siyang lumakad palayo rito ngunit dalawang hakbang pa lamang ang nagagawa niya, hawak na nito ang kamay niya.

“Chelle...” His voice summoned all her gooseflesh to appear. His touch was electrifying. Napatingin ito sa kamay niya na hawak nito. “You’re engaged?”

Tiningala niya ito. Why did she sense bitterness in his voice?

Her thoughts were roaming until he met her eyes. “Obviously,” tanging nasabi niya.

Marahang binitiwang nito ang kamay niya. Sa oras na iyon, parang gusto niyang umiyak. Nagmadali siyang tumungo sa pantry.

It was an ordinary day. She was in the receiving area of their office, browsing some magazines. Napakislót siya nang may biglang tumakip sa mga mata niya. Bago pa siya makapag-react ay naalis na ng kung sino man ang kamay na ipiniring sa mata niya.

“Surprise!” Jeff’s smiling face greeted her.

“What are you doing here?” tanong niya rito habang umiikot ito patungo sa sofa upang tabihan siya.

“Bakit masama bang dalawin ko ang fiancée ko?” masuyong tanong nito. He put his arm on her shoulder and brought his face near hers. “I missed you.”

She tried to smile. “I missed you, too.”

When his mouth captured hers, she was stunned. They stayed like that, kissing, until they both heard a

sound. Mabilis silang nagkalas at napatingin sa gawing ingay.

She froze upon recognizing who their spectators were. It was the Camua-Herlandez couple.

Mabilis na nakabawi ang nobyo. “I’m sorry about it, Honey.” Mabilis na kinantalan siya nito ng halik sa noo. “I’ll pick you up later.”

Tumango siya at sinundan ito ng tingin habang papalabas. When he passed by the couple, he even smiled at them. Christine Herlandez returned the smile, but Ryan’s expression remained formal.

Nang masalubong niya ang mga mata ng huli, bigla siyang kinabahan. Was it anger that she saw in his eyes?

“Hi... uhm, you’re too early,” pilit ang ngiting bati niya sa mga ito.

“Yeah. Sorry for the wrong timing,” nakangiting tugon ng babae.

Pakiramdam niya ay nag-blush siya. She gestured the sofa for them to sit. “It’s okay. Have a seat.”

Hindi pa rin siya mapakali nang maupo na ang mga ito. For the third time since she saw Ryan again, she could feel the tension between them. Or was there

really a tension between them? Hindi kaya siya lang ang nakakaramdam niyon?

“Uhm, if you’ll just excuse me for a while. I’ll... just go and get us something to drink,” aniyang pinipilit labanan ang tensyong nararamdaman.

“Oh, don’t bother. We just ate. Talagang inagahan na namin kasi baka takasan ako nito, eh,” anang babae sabay siko nang marahan sa nobyong katabi nito.

Hindi sumagot si Ryan, nanatiling matigas ang anyo nito. Sa estado niya ngayon, parang hindi pa niya kayang pakiharapan ang lalaki. She needed time to calm her nerves first.

“A-ah okay, pero maiwan ko muna kayo sandali, ha. I just need to make a phone call,” mabilis na paalam niya.

“Go ahead,” Christine said.

Mabilis na tinungo niya ang private office at nagkunwaring tumatawag sa landline. Pagkaraan ng ilang segundo ay na-realize niyang walang saysay ang ginagawa dahil nakikita pa rin siya ng mag-nobyong. Maliit lang ang opisina nila at halos magkadikit lang ang receiving area at private office nila. Binaba na niya ang awditibo ng telepono at nagdesisyon na

magtungo na lang muna sa bathroom. Napasandal siya sa pinto pagkapasok roon.

What's going on with me? It's just Ryan, for heaven's sake!

I've totally forgotten him! What's wrong with me?

It took her some time to finally composed herself. Nang sa tingin niya ay handa na siya, lumabas siya ng banyo.

Nasa isang meeting si Andrea kasama ang isa nilang supplier. Wala siyang ibang pagpipilian kundi harapin ang future mag-asawa nang mag-isa.

“Baby, kailan pala uuwi si Ate Esmeralda?” narinig niyang tanong ng nobya.

“Huh? I have no idea,” tila naalimpungatang tugon ni Ryan.

Mula sa pagbubuklat ng magazine ay napahinto ito at binalingan siya. “Something wrong?” He shook his head. “Kanina ka pa kasi tahimik habang kumakain tayo. Is there something bothering you?”

He tried to smile at his fiancée. “Just don't mind me. Marami lang akong iniisip tungkol sa trabaho.”

Hindi nakaligtas sa kanya ang pasimpleng pag-ismid ng nobya. “Trabaho ba talaga ang iniisip mo, o ’yung kasal?”

“Christine—”

“Ryan, we’re going to be married two months from now. Everything is being prepared as of this time. Alam mo bang nalulungkot ako sa tuwing nakikita kitang ganyan? Naiisip ko na hindi ka talaga desididong pakasalan ako,” may hinanakit na saad nito.

“Christine, you don’t understand...”

“What is it that I don’t understand?” maluhang asik nito. She took a hanky from her bag and wiped the tears that started to form at the corner of her eyes.

Bumuntong-hininga siya. Kapag ganitong iniiyakan na siya ng nobya, lumalambot na ang puso niya. Pakiramdam niya, malaking kasalanan ang pagpapaiyak sa isang babae.

Naisandal niya ang ulo sa upuan at napatingin sa kisame habang patuloy sa pagpupunas ng mata ang nobya. Sa lahat ng naging girlfriend niya, si Christine lang ang iyakin. At talo talaga siya sa mga tulad nito. Kaya naman sa lahat ng naging nobya

niya, ito ang natagalan niya. Paano, iyakan lang siya nito, lumalambot na ang puso niya.

Christine already had everything. She was beautiful, educated and charming. Kaya nga botong-boto rito ang pamilya niya. Anyway, his family's opinion about his love life did not really matter to him ever since.

Wala naman siyang maipipintas sa nobya. Kung may ituturing siyang kapintasan rito, iyon ay ang pagiging iyakin nito. Okay na sana kung si Christine ang mapapangasawa niya, ngunit hindi niya mawari kung bakit nagdadalawang-isip pa rin siya.

Ngunit mahal na mahal siya nito. Patunay niyon ang pag-aya nito na pakasal na sila after only a year of being together. It was just last month that he realized he had to say 'yes'.

Then he saw Cecile again. Magkahalong sakit at ligaya ang lumukob sa dibdib sa muli nilang pagkikita.

Tuksong bumalik sa alaala niya ang nakalipas...

Nagising na lamang si Ryan na masakit na masakit ang ulo. Kagabi pa siya nilalagnat. Sinadya niyang huwag ipaalam iyon kay Cecile dahil siguradong

pupuntahan siya nito at malamang ay lumiban pa sa klase. Kanina nang tawagan niya ito ay alam niyang papasok na ito sa eskuwela. Kahit nag-aalala ay napilit niya itong huwag um-absent. Pupunta na lamang daw ito pagkatapos ng klase nito.

Napabalikwas siya, bagaman mabigat ang pakiramdam. Nalaglag ang basang bimpo mula sa kanyang noo. Pagkakita niyon ay nagliwanag ang mukha niya.

“Chelle!” tawag niya.

Noon lumabas sa banyo ang isang bagong paligong babae. Nakabihis na ito, tinutuyo ng tuwalya ang basang buhok. “Apple?” takang tanong niya.

Ngumiti ito nang maluwag, rumehistro ang pag-aalala sa mukha kapagkuwan. Lumapit ito sa kanya at dinama ang leeg niya.

“Mainit ka pa rin, but at least bumaba na ang lagnat mo,” sambit nito.

Pasimpleng tinabig niya ang kamay nito. “Ano’ng ginagawa mo rito?”

The girl sneered. “Galing akong airport. I wanted to see you so I asked Ate Esmeralda how to get here. Buti na lang pala dumating ako. Inaapoy ka ng lagnat.”

A Timeless Love - Isabel Margarita

Kunot ang noong pilit niyang inalala ang sinabi nito, ngunit hindi niya matandaan. Ang naaalala niya lang, lumabas siya kanina ng silid upang tawagan ang nobya. Pagbalik niya, uminom siya ng gamot. Pagkatapos ay hindi na niya alam ang nangyari. Nasapo niya ang ulo.

“Huwag mo nang piliting alalahanin dahil wala ka talagang maaalala. Bukas ang pinto mo kanina nang dumating ako. Hindi na dapat ako tutuloy kaya lang narinig kong umuungol ka. You were delirious kaya napilitan akong lapitan ka. Nalaman kong inaapoy ka pala ng lagnat,” paliwanag nito.

Napasulyap siya sa paanan ng kama. Lumapit ang babae sa isa sa dalawang maleta roon at may dinukot mula sa bulsa niyon. Nakakuha ito ng suklay.

“I hope you don’t mind na nakiligo ako ha. The weather is humid. Saka feeling ko na-transfer sa ’kin ’yung init sa katawan mo nang punasan kita. I cannot turn the aircon on kasi lalo kang lalamigin so naligo na lang ako,” nakangiting saad nito habang nagsusuklay.

Noon lang niya napansin na wala siyang pang-itaas. Nakaramdam siya ng pagkailang. “Ikaw ang nagpunas sa ’kin?”

Natawa ang babae. “Ano nama’ng masama d’un?”

Even if I didn't want to, I had to. Mamamatay ka na sa lagnat, eh! Actually, hinihintay lang talaga kitang magising."

"Wala bang... wala bang dumating?"

Nawala ang ngiti sa mukha ng babae. Napansin niyang lumungkot ang anyo nito. "I bet you're waiting for Cecile?" Hindi siya kumibo. "I've learned about her through Ate Esmeralda. Siya nga raw 'yung pakakasalan mo." May pait sa tinig nito. "Well," huminga ito nang malalim, "kung siya ang makakapagpasaya sa 'yo, sino ba naman ako para pigilan kayo? You've also been mentioning her name while you were asleep. I'm sure hindi mo rin natatandaan."

Nakaramdam siya ng ginaw. Pasimpleng niyakap niya ang sarili.

"Since gising ka na at medyo okay ka na kaysa kanina," tumayo ito, "aalis na 'ko. Ayokong maabutan pa 'ko rito ng girlfriend mo. Baka kung ano pa ang isipin niya." May lungkot ang ngiti nito.

Nakaramdam rin siya ng lungkot para sa babae. Apple was her childhood friend. Hindi lingid sa kaalaman niya na may pagtingin ito sa kanya. Pero hindi ito ang babaeng pinapangarap niya.

Hinila nito ang dalawang de-gulong na maleta.

A Timeless Love - Isabel Margarita

Mabigat ang katawang sinundan niya ito sa pinto. Napasandal siya sa dahon niyon.

Lumingon ito sa kanya, alanganing ngumiti. Tila ay nag-isip ito, matapos ay patingkayad na lumapit sa kanya at hinagkan siya sa pisngi. "I wish you the best, Ryan," naiiyak na sabi nito.

Kinabig niya ng isang kamay ang ulo ng babae palapit sa dibdib niya. "You too, Apple. Salamat pala sa pagdating mo," saad niya bago ito bitawan.

Pigil ang pagluhang ngumiti ito nang maluwang. "I'd better go," anito bago tuluyan siyang tinalikuran.

Sinundan niya lamang ito ng tingin. Naisin man niyang ihatid ito, hindi pa kaya ng katawan niya. He went inside his apartment and locked the door.

Bakit kaya wala pa si Cecile? Kanina pa tapos ang klase nito. Hinila siya ng paa patungong kama. Matutulog muna siya. Baka paggising niya naroon na ang dalaga.

Ngunit walang Cecile na dumating. Naghintay siya, isa, dalawang araw. Ni anino ng nobya ay hindi niya nasulyapan. Ilang beses na siyang tumawag sa tinutuluyan nitong boarding house, pero lagi raw

itong wala. Ayon sa landlady nito, gabing-gabi na ito kung umuwi, bagay na labis niyang ipinagtataka at ipinag-aalala.

Nagpasya siyang puntahan ang dalaga. Wala ring mangyayari kung alaagaan niya ang trangkaso niya. Ilang araw na rin siyang naghintay sa pagdalaw nito. Sabik na sabik na siyang makita ito.

Mabilis bagaman mabigat ang mga hakbang na tinungo niya ang kotse na nakaparada sa harap ng building. Pupuntahan niya ang nobya. Alam niya kung saan maaaring matagpuan ito. Hindi ito tipikal na estudyante na mahilig pumunta kung saan-saan. Napakasimple lang nito kaya nga siguro naakit siya rito.

Dumaan muna siya sa isang flower shop sa gilid ng university. Kipkip ang jacket at tangan ang bulaklak, nilakad niya ang patungong gate ng unibersidad. Malayo pa lamang siya ay tanaw na niya ang nobya na papalabas ng gate. Inihanda niya ang isang ngiti. Ngunit agad ring nabura iyon nang mapagsino ang kasabay nito—si Allan, ang masugid na manliligaw nito na batid niyang nangungulit pa rin kahit na alam nito na magkasintahan sila ni Cecile. Tila masayang nagbibiruan pa ang mga ito.

Pinigil niyang magselos. Lalapit na sana siya nang

biglang pumara ng taxi si Allan. Sumakay ang mga ito roon.

Nagtataka man, mabilis na tinungo niya ang kotse sa di-kalayuan. Mabuti na lamang at maraming sasakyan. Nagkaroon siya ng pagkakataon upang sundan ang mga ito.

Tinimpi niya ang emosyon habang nagmamaneho, ngunit hindi niya maiwasang malungkot at masaktan. Tatlong araw siyang natiis na hindi puntahan ng nobya kahit alam nitong may sakit siya, pagkatapos makikita niya itong masayang nakikipagbiruan sa taong paminsan-minsan ay pinagseselosan niya? At mukhang may pupuntahan pa ang mga ito!

Nakailang liko na sila. Nakarating na sila sa Malate. Bumangon ang kakaibang kaba niya sa dibdib nang huminto ang taxi na sinusundan niya sa isang motel. Lumabas si Allan, pinagbuksan nito ng pinto si Cecile. Nagtatawanan pa ang mga ito habang papasok sa establishment!

Marahas na napasuntok siya sa manibela. What else could they be doing there? Malinaw pa sa sikat ng araw ang sagot sa katanungan niya!

He was fuming with anger. Hindi siya halos makapaniwala, pero hindi siya nahihibang para

A Timeless Love - Isabel Margarita

*isiping guni-guni lamang niya ang lahat ng nakita.
Masamang-masama ang loob niya.*

*Napatingin siya sa pumpon ng bulaklak na nasa
tabi niya. Marahas na dinampot niya iyon at ibinato
sa labas ng bintana bago nanlalabo ang paninging
pinaharurot ang sasakyan.*